

**Tala: 1**

Tooth Abscess(includes abstract) Alan R; Morris-Olson L; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010061938

Abstract: Ang pamamaga at pagnanana ng ngipin (tooth abscess) ay sakong puno ng nana (bagay na may impeksiyon) sa isang ngipin o sa mga gilagid. Mayroong dalawang uri ng mga pamamaga at pagnanana ng ngipin: Pamamaga at pagnanana ng panloob na parte ng ngipin (suplay ng dugo at nerve sa loob ng ngipin) ; Pamamaga at pagnanana sa pagitan ng ngipin at gilagid

View English

**Database:**

Consumer Health Information -- Tagalog

**Tooth Abscess**

**(Dental Abscess, Namamaga at Nagnananang Ngipin)**


ni: Rick Alan

[\[View English Version\]](#)

**Kahulugan**

Ang pamamaga at pagnanana ng ngipin (tooth abscess) ay sakong puno ng nana (bagay na may impeksiyon) sa isang ngipin o sa mga gilagid. Mayroong dalawang uri ng mga pamamaga at pagnanana ng ngipin:

- Pamamaga at pagnanana ng panloob na parte ng ngipin (suplay ng dugo at nerve sa loob ng ngipin)
- Pamamaga at pagnanana sa pagitan ng ngipin at gilagid

**Pamamaga at pagnanana sa Pagitan ng Ngipin at Gilagid**

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

**Mga Sanhi**

Ang pamamaga at pagnanana ng ngipin ay dulot ng mga bacteria. Nagsisimula ito kapag pumapasok ang bacteria at nagdudulot ng impeksiyon sa ngipin. Humahantong ito sa pag-ipon ng nana. Kapag hindi lumabas ang nana, nagkakaroon ng pamamaga at pagnanana.

Mga kondisyong nagpapahintulot na makapasok ang bacteria sa ngipin:

- Malubhang pagkabulok ng ngipin
- Bitak o lamat sa ngipin na nagpapahintulot sa pagpasok ng bacteria sa panloob na parte ng ngipin (pulp)

Ang pagkain o ibang mga bagay na naiipit sa pagitan ng ngipin at gilagid ay maaaring humantong sa impeksiyon dulot ng mga bacteria sa bahagi sa paligid ng ngipin.

### **Mga Nagbibigay Panganib**

Maaaring pataasin ng mga salik na ito ang iyong tsansang magkaroon ng pamamaga at pagnanana ng ngipin. Sabihin sa iyong dentista kung mayroon ka ng anuman sa mga salik ng panganib na ito:

- Pag-ipon ng madilaw na dumi (tartar) o nanigas na mineral (calculus) sa ilalim ng linya ng gilagid
- Hindi mabuting paglalagay ng fluoride sa ngipin sa pamamagitan ng tubig na nilagyan ng fluoride, toothpaste, o pangmumog
- Hindi mabuting paraan sa paglilinis ng ngipin (humahantong sa mga bulok na ngipin at mga karamdaman kaugnay sa ngipin)
- Malnutrisyon, kabilang ang mga malubhang kakulangan sa bitamina at mineral

### **Sintomas**

Kung mayroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito, huwag ipagpalagay na ito ay dahil sa pamamaga at pagnanana ng ngipin. Ang mga sintomas na ito ay maaaring dulot ng iba pang mga kondisyon. Sabihin sa iyong dentista kung mayroon ka ng anuman sa mga ito:

- Pumipintig/nagtatagal na pananakit sa ngipin o bahagi ng gilagid
- Pananakit kapag ikinakagat ang ngipin
- Kusang pananakit ng ngipin
- Pamumula, panlalambot, o pamamaga ng mga gilagid
- Lagnat
- Namamagang mga glandula sa leeg
- Pag-iiba ng kulay ng ngipin
- Mabahong amoy ng hininga o masamang lasa sa bibig
- Bukas, nagtatagas na sugat sa mga gilagid

Kung hindi magamot, kabilang sa mga kumplikasyon ng pamamaga at pagnanana ng ngipin ang:

- Pagkawala ng ngipin at nakapaligid na mga tissue o buto
- Pagkalat ng impeksiyon sa nakapaligid na tissue o buto

### **Pagsuri**

Magtatanong ang dentista tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal at magsasagawa ng detalyadong eksaminasyon ng iyong mga ngipin at gilagid.

Gagawa ang dentista ng pagsusuri para sa pananakit at pagkasensitibo sa pamamagitan ng:

- Bahagyang pagtapik sa ngipin
- Pagpapagana sa nerve ng ngipin gamit ang init o lamig
- Pagpapagana sa nerve ng ngipin gamit ang mahinang daloy ng kuryente
- Pagpasok ng pansilip sa pagitan ng ngipin at gilagid upang sukatin ang mga siwang o pagkawala ng tissue

Kukuha rin ang iyong dentista ng x-ray ng ngipin at nakapaligid na buto.

### **Paggamot**

## **Pagtanggal sa pamamaga at pagnanana sa pamamagitan ng root canal**

- Kung ang pamamaga at pagnanana ay mula sa bulok na ngipin o bitak o lamat sa ngipin:
  - Pamamanhirin ang ngipin at nakapaligid na tissue at bubutasan ang tuktok ng ngipin.
  - Tatanggalin ang nana at patay na tissue mula sa gitna ng ngipin.
  - Ang panloob ng ngipin at ang mga kanal ng ugat (nerve) ay nililinis at pinupuno ng

- permanenteng pasta.
- Nilalagyan ng korona ang ngipin upang protektahan ito.
- Kung ang pamamaga at pagnanana ay mula sa impeksiyon sa pagitan ng ngipin at gilagid:
  - Pinapatulo ang pamamaga at pagnanana at nililinis nang mabuti.
  - Nililinis at pinapakinis ang ibabaw ng ugat ng ngipin.
  - Sa ilang mga kaso, isinasagawa ang operasyon para hubugin muli ang gilagid upang maiwasan ang pagbabalik ng impeksiyon.

## Pagbunot sa Ngipin (Pagtanggal)

- Maaaring kailanganin ang pagtanggal sa ngipin kung:
  - Masyadong malala ang bulok ng ngipin at/o impeksiyon ng ngipin para sa paggamot gamit ang pasta o root canal.
  - Ang bitak o lamat sa ngipin ay masyadong malubha upang ayusin.
  - Ang impeksiyon o pagkawala ng tissue/buto sa pagitan ng ngipin at gilagid ay malubha.
- Kung bubunutin ang ngipin, papalitan ito ng:
  - Partial bridge
  - Pustiso
  - Ibinabaon na ngipin

## Gamot

- Mga antibiotic upang labanan ang nalalabing impeksiyon sa ngipin o mga gilagid
- Mga gamot sa pananakit na di-nangangailangan ng reseta ( ibuprofen o acetaminophen ) at pagmumog ng maligamgam na tubig na may asin

## Pag-iwas

Upang makatulong sa pagbawas ng iyong tsansang magkaroon ng pamamaga at pagnanana ng ngipin, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Wastong pangangalaga sa ngipin, kabilang ang:
  - Pagsisipilyo ng ngipin gamit ang fluoride toothpaste pagkatapos kumain o di-kukulangin sa dalawang beses kada araw
  - Araw-araw na paglilinis gamit ang malambot na hibla (flossing) sa pagitan ng mga ngipin at mga gilagid
  - Regular na pagpapatingin sa dentista (tuwing anim na buwan)
  - Regular na propesyonal na pagpapalinis ng ngipin at gilagid (tuwing anim na buwan)

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008  
**Numero ng Item:** 2010061938